

Pakikisali sa inyong tipanan sa pamamagitan ng isang Video Call

The Royal Melbourne Hospital - Telehealth video call

Kung babagay, maari kayong magkaroon ng konsultasyon sa 'online' sa pamamagitan ng video call

Ang 'video calling' ay kasing-ginhawa ng pagtawag sa telepono, ngunit nakikita ang mukha ng isa't-isa habang nag-uusap kayo.

Ito ay nakapagtitipid ng oras at pera sa inyo at nagpapalapit sa inyong pagkaka-alaga sa bahay.



Saan ako pupunta para sa aking tipanan?

Upang dumalo sa inyong tipanan, pumunta sa:

www.thermh.org.au/telehealth

Kayo ay pupunta sa 'online waiting area' ng klinika, sa halip na magbibiyaha pa para sa inyong tipanan.

Ang serbisyo ng kalusugan ay inabisuhan kung kayo ay nakarating na sa klinika at ang inyong doktor (clinician) ay sasamahan kayo kung nakahanda na.

Hindi kailangang magkaroon ng kompyuter 'account'.

Hindi itatago ang anumang impormasyon na ipinasok ninyo sa kompyuter.

Ano ang kailangan kong gawin sa pagtawag para sa 'video call'?

Isang magandang koneksyon sa internet

Kung nagagawa ninyong manood ng video sa online (halimbawa: YouTube), ay kaya ninyong mag-video call

Isang pribado, maliwanag na lugar na hindi kayo maiisturbo habang nasa konsultasyon

Isa sa mga ito:

- Google Chrome web browser (rekomendado) o Firefox web browser na nasa desktop o laptop (Windows o MacOS), o nasa Android tablet o smartphone
- Safari web browser na nasa Apple desktop o laptop (MacOS), o iPad o iPhone

Web-camera, speakers at mikropono (nasa loob na ng mga laptop o mobile na telepono)

Tingnan sa likod ng pahina para sa dagdag na impormasyon kung paano mag-video call.

Ito ba ay ligtas?

Ang mga video call ay ligtas; protektado ang inyong pagkapribado. Magkakaroon kayo ng pribadong video room, na ang mga awtorisadong doktor (clinician) lamang ang makakapasok.

Magkano ang bayad ng isang video call?

Walang bayad ang video call (liban sa paggamit ng inyong internet). Ngunit maaaring may mga regular na bayad sa konsultasyong medikal - kung nararapat.

Gaano kalaki ang 'internet data' na gagamitin ko?

Walang magagamit na 'data' habang naghihintay na kausapin kayo ng doktor (clinician)

Ang 'video consultation' ay gumagamit ng mas maliit sa kalahati ng 'data' na gagamitin mo sa panonood ng isang High Definition* na video sa YouTube.

Ang magagamit na 'data' ay mas mababa sa mga mas mabagal na koneksyon sa internet, o kung ang gagamitin ay isang mas mahinang uri na kompyuter, tablet, o smartphone. Ang mga bagay na ito ay maari ring magpahina sa pangkalahatang kalidad ng video call.

Ang nagagamit na 'data' ay dadami kung higit sa dalawa ang kasali sa video call



Para sa mga gumagamit ng Smartphone at 'tablet':

Kung magagawa ninyo, komunekta sa Wi-Fi network sa bahay o trabaho upang maiwasan na maubos ang inyong mobile data allowance.

* Iyan ay mga 230 MB sa isang teleponong mobile, at 450 MB sa isang personal kompyuter (PC) para sa 20-minutong tawagan, katulad din sa Skype® o Facetime®.

Humanda sa mga pag-video call



Tiyakin na gumagamit ka ng isa sa mga sumusunod na web browsers:


-  Google Chrome Version 80+ (Windows, Android, MacOS)
-  Apple Safari Version 12+ (MacOS, iOS)
-  Firefox Version 75+ (Windows, Android)
-  Microsoft Edge Version 80+ (Windows, MacOS)
Microsoft Edge Version 44+ (Android)



Pumunta sa: www.thermh.org.au/telehealth

1

Pumunta sa 'entry point' sa 'service website' at i-klik ang 'Start Video Call' na icon




2

Kung tinatanong, ilagay ang pangalan at numero ng telepono


3

Pumasok sa **Waiting Area** ng 'online clinic'



4

Papasok ang Doktor (Clinician) at magsisimula ang konsultasyon



! Ano ang aking gagawin kung mayroong hindi gumagana?

- Pumunta sa: <https://vcc.healthdirect.org.au/troubleshooting>

Dagdag na Impormasyon

For an interpreter, please call 03 93427393.
To cancel, reschedule, or change your appointment, call 03 93427393.

For video-call support, please call 03 93428670.
telehealth@mh.org.au